global witness

Naglalahong Kinabukasan

Isang Mega-Airport sa Landas ng Sakunang Pangklima

Enero 2025

Photo by Basilio Sepe

Maaaring matigil ang mga paglipad mula sa isa sa pinakamalaking airport projects sa mundo dahil sa panganib ng paglubog ng lupa at pagtaas ng lebel ng dagat sa loob ng 30 taon, ayon sa Global Witness.

Ipinakikita ng aming bagong imbestigasyon ang ebidensiyang nagpapatunay na ang $15 bilyong New Manila International Airport (NMIA) ay isang "proyektong madaling masakuna" na nakaasa sa isang drastikong optimisitikong environmental projection.

Nakapanayam ng Global Witness ang mga source mula sa pribadong sektor, siyentipikong komunidad at panlipunang sibil na nagbunyag na nilusotan ng San Miguel Corporation (San Miguel), ang tagapagtaguyod ng proyekto, ang mas mahigpit na regulasyon sa kapaligiran sa pamamagitan ng pag-klasifika na isang uri ng land development ang nasabing airport project. Ang konstruksyon ay nakapag-alis ng 700 pamilya – marami sa kanila ay walang sapat na kabayaran – at naging sanhi ng mga di-maibabalik na pinsala sa isa sa pinakamahalagang ecosystem ng Pilipinas.

Sa kabila ng mga kabiguang ito, isang ahensiya ng gobyerno ng Netherlands ang nagsisiguro ng proyekto, at pinopondohan ng mga internasyonal na bangko tulad ng ING, HSBC at Standard Chartered. Malinaw na maagang tumigil sa paggawa ng proyekto ang Boskalis, isang higanteng dredging na kompanyang Dutch na sangkot sa konstruksyon.

Ang aming mga natuklasan ay naglalantad ng malubhang epekto ng NMIA sa mga komunidad, ecosystem, at sa hinaharap ng rehiyon.

Panimula **4**

Mga mahahalagang natuklasan **5**

Nagbabagong buhangin **6**

Pundasyong palubog **7**

Pagkasira ng kalikasan **10**

Mga sapilitang konsultasyon **12**

Walang choice 13

Naiwang gawain **15**

Naglalahong kinabukasan **16**

Mga rekomendasyon **17**

Mga rekomendasyon sa mga mambabatas ng Unyong Europeo: 17

Mga rekomendasyon para sa Gobyerno ng Netherlands 18

Mga rekomendasyon sa Gobyerno ng Pilipinas 18

Mga rekomendasyong sa mga piling kompanya 19

Panimula

Ang Manila Bay, isang nanganganib na hotspot ng saribuhay, ay tahanan ng isang napakalaking proyektong pang-imprastrakturang nangangakong bigyan ng bagong pakahulugan ang Pilipinas. Ang New Manila International Airport (NMIA) — isang $15 bilyong pagsisikap na inihahandang maging ikatlong pinakamalaking paliparan sa mundo – ay ipinepresenta ng mga tagapagtaguyod nito bilang daan sa pagtaas ng ekonomiya, pagbuti ng turismo, at solusyon sa labis na kasikipan ng Ninoy Aquino International Airport.

Sa likod ng mga pangakong trabaho at kasaganaan ay isang mas madilim na realidad. Noong 2023, inilantad ng Global Witness ang mga seryosong depekto sa proyekto, kabilang ang isang mapamilit na proseso ng konsultasyong nakapagpaalis ng higit sa 700 pamilya at nagdulot nang malubhang pinsala sa kapaligiran.

Ipinakikita ng aming pinakabagong natuklasan ang lalo pang malubhang panganib: sa loob ng 30 taon, tinataya ng mga eksperto na maaaring bahain ang runway ng paliparan dahil sa pagtaas ng dagat at paglubog ng baybayin kung saan itinatayo ang proyekto. Mukhang ipinagwalang-bahala rin ng San Miguel Corporation, ang developer, ang mga mas mahigpit na regulasyon sa kapaligiran nang ilarawan ang paliparan bilang isang "land development," na nag-iwas sa posibleng suspensyon ng pangulo sa mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Lumalawak ang epekto ng proyekto palabas sa lugar ng konstruksyon: daan-daan ang nawawalan ng kanilang ikinabubuhay, samantalang ang nanganganib na ecosystem ng Manila Bay – isa sa mga pinakaimportanteng pook baybayin ng Pilipinas – ay nahaharap ngayon sa matindi at maaaring hindi na maitutuwid pang kapinsalaan.

Ipinalalawig ng aming imbestigasyon ang mga naunang rebelasyon sa pamamagitan ng mga ulat ng whistleblower, panayam sa mga miyembro ng komunidad, mga siyentipiko, mga opisyal ng gobyerno, at mga lokal na organisasyon, kasabay ng pagsusuri sa mga kumpidensiyal na mga dokumento ng proyekto. Natuklasan namin na sa mga pamilyang naapektuhan ng proyekto, higit sa kalahati ang hindi nakatanggap ng kabayaran, at marami ang pinuwersang gibain ang kanilang tahanan at tumanggap ng di-sapat na kabayaran.

Katambal ng mga suliraning ito, aming ibinunyag na maagang huminto sa proyekto ang Boskalis Westminster N.V. (Boskalis), ang higanteng dredging na kompanyang Dutch na sangkot sa pagtatayo ng lupa para sa paliparan, dahil sa kakulangan sa buhangin, na nagdulot ng pagkaantala at kawalan ng katiyakan sa konstruksiyon ng paliparan. Ipinahiwatig ng Boskalis sa publiko na pag-uukulan ng mga tagapagtaguyod ng proyekto ang "daan-daang ektarya ng mga bagong wetland" bilang parte ng environmental mitigation plan, gayong nananatiling walang katuparan ang mga pangakong ito.

Sinuportahan at ginawang lehitimo ng pamahalaan ng Netherlands ang high-risk na airport project sa pagbibigay ng seguro sa Boskalis, sa kabila ng pagkilala mismo ng state-funded na tagaseguro

(insurer) sa mga panganib ng "di-maibabalik at/o hindi pa nararanasang" pinsala sa kapaligiran at lipunan.

Pagkatapos maging banta sa kabuhayan ng mga lokal na komunidad at sirain ang palibot na kapaligiran, maaaring gumuho ang paliparan sa bigat ng ambisyon nito. Sa pagtibag ng mga tirahan, sa paglagay sa ecosystem sa panganib, at sa kawalan ng katiyakan sa kinabukasan ng paliparan, nanatili ang mga tanong tungkol sa kung sinong mananagot sa pagkasira ng Manila Bay.

Hinihingi ng paparating na Europeong batas sa pananagutan na kilala sa tawag na Corporate Sustainability Due Diligence Directive (CSDDD) na sundin ng mga kompanyang tulad ng Boskalis ang mga internasyonal na pamantayan sa karapatang pantao at kapaligiran, at makipag-ugnay nang may kabuluhan sa mga komunidad na naapektuhan ng kanilang mga proyekto. Nakatakdang ipatupad sa ilang negosyo sa 2027, hudyat itong batas ng isang malinaw na panawagan sa mga kompanyang katulad ng Boskalis na baguhin ang kanilang mga gawi at tumugon sa mas mataas na pamantayan ng pananagutan.

Sa kabila ng makabuluhang pagpapabuting ito, patuloy na kumakaharap ng pambabatikos ang batas. Dapat pangalagaan ng mga lehislador ang bagong batas at labanan ang mga pagsisikap na pahinain o kompromisuhin itong mahalagang pag-unlad na ito.

Mga mahahalagang natuklasan

> **Panganib sa Baha:** Ipinahihiwatig ng mga siyentipiko na minamaliit ng environmental impact assessment ng proyekto ang lokal na pag-angat ng lebel ng dagat, pagpapaalala sa tanong ng pangmatagalang kaganapan ng paliparan;

> **Pagpapaalis at Pamimilit:** Halos 3,000 tao ang napilitang umalis upang magbigay-daan para sa paliparan. Higit sa kalahati ng mga apektadong pamilya ang hindi nakatanggap ng kabayaran, at ang mga nakatanggap ng pera ay nag-ulat ng pamimilit na gibain ang kanilang sariling mga tahanan at tumanggap ng di-sapat na kabayaran.

> **Mga Lusot:** Waring nalusutan ng San Miguel ang mga mas mahigpit na regulasyon sa kapaligiran at nakaiwas sa suspensyon ng pangulo noong 2023 sa mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay sa pamamagitan ng paglalarawan sa paliparan bilang "land development" na proyekto;

> **Mga Pagkaantala at mga Nasirang Pangako:** Lumilitaw na maagang tumigil sa paggawa ng proyekto ang higanteng dredging na kompanyang Dutch na Boskalis Westminster N.V., na responsable sa pagtatayo ng pundasyon ng paliparan dahil sa kakulangan ng buhangin. Ipinangako ng Boskalis na magde-develop ang mga tagapagtaguyod ng proyekto ng "daan-daang ektarya ng mga wetland" bilang pag-offset ngunit wala pang katuparan ang mga pangakong ito;

> **Suporta ng mga Dutch:** Ginawang lehitimo ng gobyerno ng Netherlands ang high-risk na proyekto sa pamamagitan ng pagluwas ng credit insurance para sa Boskalis, sa kabila ng mga peligro ng "di-maibabalik at/o hindi pa nararanasang" pinsala sa kapaligiran at lipunan.

Nagbabagong buhangin

Bumabagsak ang ulan sa nakatayong yaring kahoy na tahanan ni Richard Arcana sa Rosario. Nasa humigit-kumulang 60 km layo ang munting pook-pangisdaan mula sa magiging lugar ng ipatatayong paliparan, ngunit ganap nang nagbago ang buhay roon nang magsimula ang proyekto.

Nakadikit sa pader ng tanging silid ng bahay ang guhit ng mga bata. Pumasok nang tahimik at umupo sa hubad na sahig ang mga mangingisdang tinangay ng panahon. Puno ng hinagpis ang kanilang mga boses.

> ***"Nakaranas kami ng napakahirap na panahon dahil sa Boskalis. Matinding gutom"***
>
> – Teddy Florendo, isa sa mga mangingisda

Ang Boskalis, isang multinasyonal na kompanyang Dutch, ay pumirma ng pinakamalaking kontrata sa kasaysayan nito — nagkakahalaga ng €1.5 bilyon — upang mag-dredge (draga) ng napakalaking dami ng kinakailangang buhangin at magtayo ng artipisyal na lupa para sa paliparan. Ang prosesong ito, na kilala bilang "land reclamation," ay karaniwang ginagamit sa malalawak na urban centers upang lumikha ng lupa para sa mga bagong pag-unlad sa pamamagitan ng pagtatabon ng mga solidong materyales tulad ng buhangin.

Malubha ang mga epekto sa tao at sa kapaligiran. Sabi ng mga mangingisdang tulad nina Richard at Teddy, na umaasa sa mahinang ecosystem ng lóok para sa kanilang kabuhayan, na ang mga operasyon ng dredging (pandadraga) ay nagdulot ng matinding pinsala sa lokal na kapaligiran at nakababahalang pagbaba ng lebel ng kanilang mga nahuhuling isda. Isa sa Environmental and Social Impact Assessments (ESIAs) ng proyekto ang nagsabing tinatayang isang libong mangingisda mula sa labing-isang komunidad ang maaapektuhan.

"Sinira nila ang katubigan dito sa Cavite para kumita mula sa bagong proyekto," sabi ni Jessie Prudente, isa pang mangingisda. "Sinira nila ang dagat dito. 'Yun ang nangyari."

Gumagana tulad ng malalaking vacuum cleaner na humihigop ng buhangin mula sa ilalim ng dagat ang mga barkong pandraga ng Boskalis, na ayon sa mga komunidad ay nag-iwan ng maputik at patay na katubigan. Sinasabi nila na ang buhay-dagat, kabilang ang mga isda na mahalaga para sa kanilang kabuhayan, ay kumonti. Isang kinatawan mula sa United Nations Environment Programme (UNEP) ang nagbabala na sa ilang kaso, ang pagmimina ng buhangin ay "nagsisilbing pamatay" sa ilalim ng dagat, at maaaring hindi na muling mabuhay ang mga organismo sa dagat kung aalisin ang lahat ng buhangin mula sa bedrock.

"Kapag ang tubig ay naging malabo, hindi lang nito nasisira ang aming kabuhayan, kundi pati na rin ang aming mga pamilya," paliwanag ni Rolando Lariosa, na kinukuyom ang kaniyang kamay sa pagkabigo. "Kung hindi kami makakapagtrabaho, paano namin susuportahan ang aming mga pamilya? Umaasa lang kami sa dagat."

Isinaad din ng mga mangingisda na palaging nasisira ang kanilang mga lambat ng mga dredger, na madalas bumabangga sa kanilang mga bangka. “Binigyan pa kami ng life jacket ng [Boskalis],” ayon kay Nelson Lipaopao, isang mangingisda mula sa kalapit na bayan ng Tanza. Kinumpirma ng mga opisyal ng Philippine Coast Guard na nagaganap ang mga banggaan dulot ng mga dredger.

Bagaman ang mga mangingisda ay direktang apektado ng mga gawain ng dredging, sabi ng mga residente ng Rosario at Tanza, ilang bayan sa lalawigan ng Cavite, na wala silang natanggap na babala tungkol sa mga operasyon. “Pati nga mayor namin, hindi kami sinabihan,” dagdag ni Nelson. “Wala man lang kaming narinig na, 'Pasensiya na, mga nakatira sa tabing-dagat. Magkakaroon ng mga barkong magde-dredge dito,' wala talagang ganoong anunsyo.”

Ilang mga mangingisda ang nakipaglaban para makakuha ng kabayaran mula sa mga kompanya kasama ng mga organisasyon para sa proteksyong pangkalikasan. Ang mga mangingisda sa Rosario at Tanza ay nagsabing nakatanggap sila kinalaunan ng kaunting pera – mula $41 hanggang $258 kada buwan sa loob ng siyam na buwan – bagamat sinasabi nilang hindi ito sapat upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ipinaliwanag ni Nelson na ang buwanang halagang natanggap mula sa kompanya ay katumbas ng kita niya sa isang araw ng trabaho.

Sa kasalukuyan, sinasabi ng mga residente na wala nang mga isda at nahihirapan silang makahuli ng kahit kaunting bahagi ng kanilang dating naiuuwi. “Wala silang ibinigay sa’min kundi pagdurusa,” daing ni Jessie.

Sinabi ng San Miguel na nakipag-ugnayan sila sa lokal na pamahalaan upang tukuyin ang mga apektadong mangingisda at magsagawa ng mga hakbang upang tulungan sila, kabilang ang kabayaran para sa mga nasirang kagamitan sa pangingisda at pagbibigay ng pera upang mapalitan ang nawalang kita habang isinasagawa ang mga gawain ng dredging. Inaangkin ng San Miguel na nagbigay sila ng $86 sa mga may-ari ng bangka at mula $41 hanggang $51 sa mga tauhan ng bangka sa mga apektadong munisipalidad habang isinasagawa ang mga gawain ng dredging.

Pundasyong palubog

Ang pagkawasak ng ecosystem ng Manila Bay ay bahagi lamang ng problema; ang lugar kung saan itinatayo ang paliparan ay may malalaking panganib. Ang pagtaas ng lebel ng dagat, paglubog ng lupa, at pagiging bukas sa panganib ng baha, bagyo, tsunami, at lindol ay nagpapakita ng mga

agarang panganib, ilan sa mga ito na pinaniniwalaan ng Global Witness na hindi sapat na naipaliwanag sa mga pagsusuri ng proyekto.

Isang agarang alalahanin sa Pilipinas at sa paligid ng ipinatatayong paliparan ang pagtaas ng antas ng dagat, dulot ng pagbabago ng klima. Ayon sa mga pag-aaral ng Oscar M. Lopez Center (OMLC), Philippines National Oceanic and Atmospheric Administration (NOAA), University of the Philippines Department of Geodetic Engineering, at National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA), tinatayang tumataas ng 13-15 mm bawat taon ang lebel ng dagat sa Maynila, halos tatlong beses na mas mataas kaysa sa 5.3 mm na kalkulasyon sa mga pagsusuri ng proyekto na makikita sa website ng proyekto ng NMIA ng San Miguel.

Tinawag ni Dr. Rosalie Reyes, na pinamunuan ang proyektong Coastal Sea Level Rise (CSLR) ng Department of Science and Technology ng Pilipinas, na kapansin-pansin ang pagkakaiba. “Hindi ko alam kung paano nila nakuha ang numerong ito,” sabi niya. “Nagpapakita ng pagtaas na 13 mm ang aming datos bawat taon batay sa tidal data mula 1970 hanggang 2020 sa Metro Manila.”

Inilalaban naman ni Olaf Neussner, isang Climate Change and Disaster Management Specialist na nakapagtrabaho sa mga ahensiya ng United Nations at European Union, na hindi nabigyan ng sapat na pansin ang pagsusuri kung gaano kabilis nang lumulubog ang lupa sa lugar at nagbabala rin siya laban sa tila pagiging kampante ng isinagawang pagsusuri.

"Batay sa feasibility study ng paliparan, ang mga paniniwala tungkol sa pagtaas ng lebel ng dagat at paglubog ng lupa ay hindi makatotohanan," sabi niya. "Sa loob ng 30 taon, malamang magsisimula nang pumasok ang matataas na alon sa lugar ng paliparan. Pagkalipas ng mga dekada, kahit normal na alon ay papasukin na ang mga runway. Kayang-kayang pahintuin ng mga storm surge at tsunami ang paliparan sa loob lang ng ilang linggo. Tumitingin tayo sa isang proyektong madaling tamaan ng kalamidad."

Nagpalala sa suliranin ang pundasyon ng lugar. Ang mga reclaimed na lupa sa tabi ng Manila Bay na binubuo ng malalambot at maluluwag na mga sedimento ay maaaring lumubog nang mas mabilis kapag may mabigat na kargada. Binigyang-diin ni Neussner na ang bigat ng imprastraktura ng paliparan ay malamang na magpapabilis ng paglubog, na magpapalala ng mga umiiral na panganib.

Ibinahagi rin ni Dr. Reyes ang kaniyang mga alalahanin tungkol sa epekto ng paliparan, idiniin niyang maaari nitong palalain ang pagbaha sa mga kalapit na komunidad. Ang mga eksperto mula sa pribadong sektor, pati na rin ang mga tagapayong responsable sa pagsusuri ng epekto ng proyekto, ay sumang-ayon sa mga alalahaning ito. “Ang mga hakbang sa pagbawas ng epekto ng proyekto ay tila nakatuon lamang sa proteksyon mismo ng paliparan,” ayon kay Reyes. “Plano nilang itaas ang plataporma ng paliparan ng tatlo hanggang limang metro. Halos dalawang palapag na iyon. Ngunit ang mga residente sa mga karatig na lugar ay walang kakayahang itaas ang kanilang mga tahanan.”

Ang mga alalahaning ito ng mga siyentipiko ay maituturing na matibay kung isaalang-alang natin ang pagkakapareho sa Kansai International Airport sa Japan. Ang paliparang ito, na naitayo gamit ang reclaimed land kasama ng labis na optimistikong mga palagay ng mga inhinyero, ay nakaranas ng

malubhang pagbaha wala pang 25 taon matapos itong buksan nang hagupitin ang mga depensa nito ng isang bagyo. Ang mabilis na pagtaas ng antas ng tubig-dagat at paglubog ng lupa sa Manila Bay ay tila naglalagay sa NMIA sa isang katulad na delikadong kalagayan.

Diin ni Neusser, ang San Miguel ay may kasunduan sa gobyerno na "build-operate-transfer" na tumatagal ng 50 taon, kung saan ang kompanya ay hindi kinakailangang magbayad ng buwis. "Malaki ang posibilidad na makararanas na ng regular na pagbaha ang paliparan sa oras na ipasa ng San Miguel ang operasyon nito sa gobyerno," paliwanag niya. Dagdag niya, maaaring kailanganing maglaan na ng malaking pondo ang gobyerno para i-retrofit ang paliparan kapag sila na ang may responsibilidad sa operasyon nito.

Idiniin ng San Miguel na lubos nilang natugunan sa huling disenyo ng paliparan ang mga panganib na dulot ng bigat ng imprastraktura, paglubog ng lupa at pagtaas ng antas ng tubig-dagat at anumang pahayag na nagpapakita ng panganib ng pagbaha sa hinaharap ay napag-aralan at may mga siyentipikong ebidensiya.

Iginiit din ng kompanya na ang disenyo ng elebasyon ng paliparan ay hindi ibinatay sa Mott MacDonald Social and Environmental Impact Assessment na nailathala sa website ng San Miguel, kundi sa isang pag-aaral noong 2019 ng Danish Hydraulic Institute (DHI) na hindi naisapubliko. Tumanggi naman ang San Miguel na ibahagi ang nasabing ulat ng DHI sa Global Witness. Sinabi ng San Miguel na kasama sa pag-aaral ng DHI ang mga tinatayang pandaigdigang pagtaas ng antas ng tubig-dagat mula sa Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC), ngunit hindi nila isiniwalat ang tiyak na mga datos ng pagtaas ng tubig-dagat o kinumpirma kung naisaalang-alang ba ang mga lokal na trend sa pagtaas ng antas ng tubig-dagat.

Batay sa ulat ng National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA) ng Pilipinas, sinasabing ang antas ng tubig-dagat sa Metro Manila ay tumataas nang halos tatlong beses na mas mabilis kumpara sa pandaigdigang pamantayan. Mahalaga ang pagtingin sa mga lokal na antas ng pagtaas ng tubig-dagat, na hindi kasama sa pandaigdigang datos ng IPCC, upang masuri nang wasto ang panganib ng pagbaha. Naniniwala ang Global Witness na hindi sapat na natutukan ng San Miguel ang mga panganib ng rehiyonal na pagtaas ng antas ng tubig-dagat na dulot ng pagbabago ng klima na para sa NMIA.

Dagdag pa rito, ipinakita sa pagsusuri ng Mott MacDonald na "ang posibleng paglubog ng lupa ay hindi ikinonsidera sa pagsusuri ng antas ng tubig sa disenyo [noong 2019]." Kung hindi naisama sa pag-aaral ng DHI ang paglubog ng lupa, at kung ang taas ng plataporma ng paliparan ay nakabatay sa pag-aaral na iyon, nagdudulot ito ng karagdagang seryosong mga alalahanin.

Pagkasira ng kalikasan

Nakababahala man ang mga pagtataya sa hinaharap, may ilang pinsala na nangyari na. Batay sa sariling Impact Assessment ng proyekto, ang lokasyon ng paliparan ay nakasaad bilang Key Biodiversity Area, isang lugar na mahalaga para sa pagpapanatili ng ecosystem ng ating planeta.

Binigyang-diin ng mga eksperto mula sa pribadong sektor sa isang ulat na inilathala ng gobyerno ng Pilipinas na ang pagtatayo ng NMIA ay maaaring magdulot ng permanenteng pinsala sa natural na tirahan ng lugar. Idiniin nila na ang tanging paraan upang maiwasan ang pinsalang ito ay magtayo na lamang sa ibang lugar, malayo sa mga baybayin ng Manila Bay. Nakasaad din sa nasabing ulat na ang hakbang sa pagbawas ng mga epekto sa kalikasan ay nangangailangan ng pagsasaayos ng hindi bababa sa 25,000 ektarya ng mga likas na tirahan – isang lugar na 75 beses ang laki sa Central Park ng New York.

May napakahalagang papel sa pagprotekta sa mga komunidad sa baybayin mula sa mga bagyo at pagbaha ang bakawan, isang uri ng puno na tumutubo sa tubig. Daan-daang puno ng bakawan ang nawasak, na pinaniniwalaan ng mga residente bilang paghahanda para sa proyekto. Ang mga punong ito ay may pinakamataas na densidad ng carbon sa lahat ng land ecosystems. Ipinakikita ng mga siyentipikong pag-aaral na ang bakawan ay sumisipsip ng carbon sa lebel na dalawa hanggang apat na beses na mas mataas kumpara sa matatandang tropikal na kagubatan. Sinasala rin ng mga puno ng bakawan ang polusyon mula sa tubig ng ilog at nagsisilbing natural na depensa sa pagbaha, nagbibigay-proteksyon laban sa bagyo at pagguho ng lupa.

"Ang bakawan ay ating natural na depensa," paliwanag ni Dr. Sandra Catane, isang heologong nag-aral ng epekto ng proyekto sa kapaligiran at lipunan. "Nagsisilbi itong harang laban sa bagyo at storm surge, ngunit sinisira ito upang bigyang-daan ang proyekto."

Nag-iiwan ng mga baybaying mas lapitin sa natural na kalamidad ang pagkasira ng ecosystems. Ang pagkawala ng mga puno ng bakawan ay nagdudulot ng mas matinding pinsala sa dalampasigan mula sa pagtaas ng tubig-dagat at matinding lagay ng panahon. Umaasa rin ang mga isda sa ugat ng bakawan bilang lugar ng kanilang pagpaparami, at nagsisilbi itong hintuan ng mga migratoryong ibon. Nangako ang mga tagapangasiwa ng proyekto na magtatanim sila ng mga bagong puno ng bakawan at lilikha ng isang plataporma para sa mga migratoryong ibon bilang kabayaran sa pagkawala ng mga likas na tirahan.

Gayunpaman, inireklamo ng mga siyentipiko na maling uri ng puno ng bakawan ang itinatanim ng San Miguel, at inakusahan ang kompanya ng "nakasasama, iresponsable, at hindi makaagham na mga gawain." Noong 2021, iniutos ng Philippines Environment Department na itigil ang pagtatanim ng bakawan habang iniimbestigahan ng isang monitoring team ang mga alegasyon ng kanilang maling pamamaraan.

May pagdududa pa rin ang ilang eksperto tulad ni Narod Eco, isang mananaliksik na dalubhasa sa mga sakuna at geohazard mula sa Unibersidad ng Pilipinas, nag-aalangan kung ang mga hakbang ng

kompanya ay talaga bang makatutulong sa pagbawas ng pinsala. "Isa lang itong greenwashing. Isa itong panlabas na solusyon para sa isang hindi na maitutuwid na problema," paliwanag niya.

Sumasang-ayon din ang isang miyembro ng Philippines Coast Guard, na nasa ilalim ng Philippine Department of Transportation. “Nagtatanim nga sila ng mga puno ng bakawan pero hindi ito sapat. [...] Mas marami pa rin yung mawawala,” buntong-hininga niya.

Mangroves in Manila Bay area, Basilio Sepe.

Inako ng San Miguel na nakatanggap sila ng payo mula sa Department of Environment and Natural Resources na magsagawa ng karagdagang pagsusuri sa mga lugar na pagtataniman ng mga puno ng bakawan at sa pagpili ng tamang uri ng species. Matapos makumpleto ang mga kinakailangang pagsusuri at pag-aaral, ang proyekto ay nagpatuloy sa pagsasagawa ng panunumbalik ng mga puno ng bakawan na may mahigpit na pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga kaukulang awtoridad.

Iniulat din ng Global Witness na nakausap nila ang ilang sources mula sa pribadong sektor, pamayanang siyentipiko, at panlipunang sibil na nagsiwalat na nilusotan ng San Miguel ang mas mahigpit na mga regulasyong pangkapaligiran sa pamamagitan ng pag-uuri sa airport project bilang isang land development. Kinumpirma ni JanJaap Brinkman, Direktor ng Deltares Singapore — isang institusyong pananaliksik na dalubhasa sa pamamahala ng tubig at hydraulic engineering na may

malawak na kaalaman sa proyekto — na ipinaabot niya ang kanyang pangamba ukol dito sa pamahalaan ng Pilipinas.

Noong 2023, pansamantalang sinuspinde ng pangulo ang lahat ng proyektong reklamasyon sa buong bansa habang isinasagawa ang pagsusuri sa kanilang epekto sa lipunan at kapaligiran. Gayunpaman, sa pag-iwas na matawag bilang "reclamation," tila nakalusot ang airport project sa suspensyon at pinayagang magpatuloy.

Gayong ipinaglalaban ng San Miguel ang pag-uuri sa proyekto bilang "land development" sa pagdidiin na ang lugar ng paliparan ay dati nang nasa ibabaw ng dagat, iginiit naman ng mga siyentipiko na sa kasalukuyan, ang lugar ay halos lubog na.

Ayon kay Dr. Murtah Shannon, Senior Policy Advisor ng Both ENDS, ang pagtawag dito bilang isang land conversion ay "halatang kalokohan dahil ang pagbuhos ng milyon-milyong metro kubikong buhangin sa isang permanenteng lubog na lugar ay, ayon sa anumang depinisyon, isang reklamasyon." Dagdag pa niya, "Ang pagsasabing ito ay isang land development dahil ang lugar ay dati nang nasa ibabaw ng tubig ay parang pagsasabi na ang reclaimed land ay isang karagatan dahil ang lugar ay dati nang nasa ilalim ng dagat."

Sinabi ng San Miguel sa Global Witness na ang lokasyon ng proyekto ay dati nang komersiyal na ginagamit bilang mga palaisdaan kung kaya itinanggi nilang ang paliparan ay isang proyektong reklamasyon. Sinubukan pa ng kompanya na magpatupad ng mga hakbang sa pagwawasto upang mabawasan ang mga epekto ng proyekto sa kalikasan, dagdag nito.

Mga sapilitang konsultasyon

Ang sariling interpretasyon ng pag-uuri ng lupa ay tila bahagi ng isang mas malawak na kalakaran sa mga isyu ng pamamaraan. Ayon sa Mott MacDonald, ang kompanyang responsable sa paggawa ng impact assessment na nagpapakita kung paano matutugunan ng proyekto ang mga internasyonal na pamantayan sa pagpopondo, dapat magsimula nang maaga ang mga konsultasyon sa mga apektadong komunidad, walang makitang "anumang bahid ng pagmamanipula," at magbigay ng "malinaw na akses sa impormasyon tungkol sa proyekto," alinsunod sa mga itinatag na pandaigdigang mga pamantayan. Isiniwalat ng imbestigasyong ito ang isang hindi sapat at pilit na proseso.

Noong 2023, binigyang-diin ng Global Witness ang mga ulat mula sa komunidad na nagsasabing 700 pamilya ang mawawala sa kanilang tirahan dahil sa proyekto ng paliparan. Sa kabilang banda, ang Mott MacDonald project assessment ay nagsaad na tanging 364 lamang ang mga apektadong pamilya, kung saan 277 ang itinuring na karapat-dapat makatanggap ng kabayaran.

Ipinakikita nito na hindi nasasaad at hindi nakapagbigay ng kabayaran ang proyekto para sa higit sa kalahati ng mga apektadong pamilya at maaaring nakapagpalayas na ng halos 3,000 katao.

Sinabi ng San Miguel na nakipagtulungan sila sa mga lokal na yunit ng gobyerno at ginamit ang kasalukuyang datos ng local census upang matukoy ang mga taong apektado ng proyekto. Ayon sa kompanya, natukoy nila ang 359 kabahayan na apektado ng proyekto at nagpaabot ng pera bilang kabayaran sa 353 pamilya.

Nagbahagi ng kaniyang kuwento ang isang residente ng Bulakan kasama ang miyembro ng kaniyang pamilya at komunidad sa araw ng kaniyang ika-66 na kaarawan. Nagbago ang kaniyang magaan at walang kahirap-hirap na mukha habang ibinabahagi ng kaniyang kaanak at mga kapitbahay ang kanilang pag-alis.

"Halos araw-araw kaming dinadalaw ng mga militar sa aming tahanan," pag-alala ni Raquel Lopez, isa sa mga mas nakababatang miyembro ng komunidad. "Natatakot ang mga tao kasi armado sila […] Sino ang hindi matatakot?" Ipinaliwanag niya na ang mga tauhan ng militar ay sinasamahan ang mga inhinyerong kumakatawan sa San Miguel, na pumupunta upang tanungin sila at suriin ang kanilang mga ari-arian.

May matibay na basehan ang pagkatakot sa mga miyembro ng militar sa Pilipinas. Noong 2023, mas maraming bilang ng tao ang nasawi sa Pilipinas dahil sa pagtatanggol sa kalikasan kumpara sa alinmang bansa sa Asya, at ayon sa Global Witness, kalahati ng mga pagpatay na may kaugnayan sa karapatan sa lupa ay may kinalaman sa pulisya o mga armadong pwersa.

Sina Jonila Castro at Jhed Tamano, dalawang kabataang environmental activist, ay nag-oorganisa kasama ang komunidad sa baybayin upang tutulan ang mga gawaing reklamasyon sa Manila Bay nang bigla silang dinakip ng armadong kalalakihan noong Setyembre 2023. Nang muling lumitaw ang dalawang kababaihan makalipas ang labimpitong araw sa isang press conference na inorganisa ng gobyerno, isiniwalat nila na sila ay dinukot at itinuro ang hinihinalang pagkakasangkot ng militar sa insidente. Sa kasalukuyan, sila ay sinasampahan ng kasong oral defamation.

Ayon sa mga apektadong residente ng proyekto ng paliparan, pinilit sila ng mga sundalo na sumang-ayon sa proyekto, kung hindi ay mawawala ang anumang alok na kabayaran. Ang mga ulat na ito ay kahalintulad ng iba pang kamakailang ulat ng sapilitang pagsang-ayon at pag-agaw ng lupa sa mga komunidad na naapektuhan ng isa pang proyekto ng San Miguel sa ibang bahagi ng Pilipinas.

Walang choice

Nagsabi ang mga residenteng kinapanayam ng Global Witness na hindi sila binigyan ng pagpipilian kung aalis sila ng bahay nila. Sa simula, pinapili ng mga kinatawan ng San Miguel ang mga residente kung magre-relocate sila (may house and lot) o babayaran. Nagpaabot ng kagustuhang ma-relocate lahat ng apektadong miyembro ng komunidad na kinausap ng Global Witness. Nakikita rin ito sa impact assessment ng Mott MacDonald, na nagsasaad na karamihan sa mga tagapagtaguyod ay pabor sa pagpipiliang iyon.

Protest against Manila Bay reclamation projects, Basilio Sepe.

Pagkaraan, sabi ng mga residente na naramdaman nilang pinuwersa silang tanggapin ang di-sapat na kabayaran at sinabihang wala silang ibang pagpipilian. Nakatanggap ng katumbas sa US $4,290, halagang hindi sapat para makabili ng bagong bahay at lupa, ang mga pamilyang ininterbyu ng Global Witness.

Sabi ng mga pamilya, inutusan silang gibain ang sarili nilang tirahan at magbigay ng litratong pruweba ng pagkagiba para maging kwalipikadong mabigyan ng kabayaran.

"Kung hindi mo gigibain, hindi ka mababayaran. Kaya i-demolish mo yung bahay mo. Medyo matalino sila kasi bawal ang mag-demolish," sabi ni Rosanna Libao.

Dagdag ng Rappler, isang kilalang investigative news outlet, pumirma ang mga residente ng isang legal na dokumentong nagsasaad na pumapayag silang hindi sasali sa mga grupo o aktibidad na kakalaban o sasalungat sa kompanya o proyekto, hindi hihingi ng karagdagang kabayaran, at tuloy-tuloy na susuportahan ang gawaing pang-airport. Dagdag ng Rapper na marami sa mga residente ang hindi marunong magbasa o magsulat, ipinahihiwatig na pinilit silang pirmahan ang mga kasunduang hindi naman nila ganap na naiintindihan.

Pinangakuan sila ng San Miguel na bibigyan ng trabaho ang mga apektadong komunidad, pero

ipinaliwanag ng mga residente na ang mga natanggap lamang nila ay mga pabago-bago't hindi maaasahang trabaho, at kadalasan huli na sila nababayaran. Nakapagbigay rin ang San Miguel ng in-kind na tulong, katulad ng pagkain o bisikleta, na tinanggap ng mga miyembro ng komunidad nang magkahalong emosyon.

Hindi napahanga si Rowenna Tallar sa mga grocery items na hinatid ng San Miguel: "Pampabango sana ito. Para bang ini-isponsor namin yung mga produkto nila gamit ang sarili naming pera tapos sila ang kikita. Kung binigay na lang nila pera namin, mas nagamit pa namin," sabi niya.

Malabong limitado ang displacement ng mga tao sa mga lugar na ito. Ang lugar na pagtatayuan ng paliparan ay mapalilibutan ng maraming katulad na proyekto na maaaring magpaalis ng marami pang tao. Nag-aalala si Bong Laderas, isang lokal na aktibista, tungkol sa Hagonoy, kung saan balak ipatayo ng San Miguel ang NALEX Highway bilang parte ng lugar ng paliparan. Pahayag niya na nagbigay kamakailan ang mga tauhan ng kompanya ng mga sulat na nagpapahiwatig na matatamaan ang mga lupain at bahay nila. Nag-aalala rin siya tungkol sa mga planong pagpapatayo ng malalaking arteryal na kalsada (kalsadang madaming traffic) na kokonekta sa Malolos, Hagonoy, at Calumpit sa paliparan.

Giit ng San Miguel na ang kabayarang ibinigay ay sang-ayon sa pamamalakad ng bansa at ng internasyonal na pamantayan sa pagpopondo. Itinatanggi ng kompanya ang kahit anong harassment o pananakot na ginawa ng militar at sinabi pa na ang lokal na gobyerno ang humiling ng presensiya nito (ng militar) para masiguro ang kapayapaan at kaayusan sa komunidad.

Salungat sa ibinahagi ng mga residente sa Global Witness, ipinahayag ng San Miguel na boluntaryong sinira ng mga residente ang sarili nilang tahanan para maisalba at magamit para sa bagong tirahan. Dagdag pa ng kompanya na ang mga probisyon sa kasunduan ay hindi kontra sa "batas, moralidad o pampublikong patakaran." Pahayag nila na nakaiintindi ang mga residente ng mga dokumentong nakasulat sa bernakular na Tagalog, at ipinaliwanag ng parehong mga miyembro ng pamilya at resettlement team ang mga waiver.

Pahayag din ng San Miguel na dadaan sa karaniwang proseso ng gobyerno ang anumang matamo nilang ari-arian para sa Nalex Highway, at mayroon silang karapatang kumuha ng mga ari-arian kapag convenient o mahalaga sa episyenteng pagsasakatuparan ng mga layunin ng internasyonal na paliparan, alinsunod sa nakasaad sa Batas Republika Blg. 11506.

Naiwang gawain

Sa kabila ng pagkasira sa kalikasan at mapamilit na konsultasyon, mayroong bagong suliranin na dumating: Maagang iniwan ng Boskalis ang dredging site ng NMIA, ayon sa mga opisyal ng gobyerno at miyembro ng komunidad. May iilang source na nagsabing naubusan ang kompanya ng buhangin, na nagdulot ng mga katanungan tungkol sa katiyakan ng mga naunang projection at nagmungkahi ng ang inilaang lugar para sa buhangin ay ganap nang naubos. Ipinagpaliban na ngayon ang konstruksyon ng

paliparan, at kinumpirma ng San Miguel na 80% lang ng buhanging kailangan para makumpleto ang proyekto sa orihinal na kinatatayuan ang kanilang nakuha.

Sabi ni Joseph Literal, Assistant General Manager ng Philippines Reclamation Authority (PRA), humingi ang kompanya sa PRA ng mas maraming buhangin para makumpleto ang paliparan, pero dahil sa utos ng presidente na suspendihin ang mga proyektong reklamasyon hindi sila maaaring makapag-isyu ng bagong permit para kumuha (mag-extract) ng buhangin sa ibang lugar.

Siniseguro ng gobyerno ng Netherlands ang operasyon ng Boskalis sa pamamagitan ng Atradius DSB (Atradius), isang export credit insurance agency na gumagamit ng pera ng publiko para protektahan ang mga negosyo mula sa pinansyal na panganib ng pamamalakad sa ibang bansa. Sabi ni Bert Bruning, Managing Director ng Atradius DSB, nagagampanan ng proyekto ang mga internasyonal na pamantayang panlipunan at kapaligiran.

Nagkaroon si Dr. Murtah Shannon ng ibang pagpapasiya. "The fact na nagbibigay ang estado ng Netherlands ng insurance para sa airport ay naghuhudyat ng mga etikal na katanungan," aniya. "May reputasyon ang Netherlands ng pangunguna sa kapaligiran, ngunit pinapaunlakan nito ang isang proyektong nagpaalis sa daan-daang pamilya at sumira sa isang mahinang ecosystem".

Pinahintulutan ng naunang environmental impact assessment (EIA) na magpatuloy ang proyekto sa kabila ng hindi pag-abot sa mga internasyonal na pamantayan. Nagsagawa ng kasunod na pagtatasa ang Mott MacDonald para sa San Miguel para tulungan ang kompanyang makamit ang mga kakailanganin para sa internasyonal na pagpopondo. Kasama sa mga nagpapahiram para sa proyekto ang mga internasyonal na bangko, tulad ng ING, HSBC at Standard Chartered, dagdag sa seguro mula sa Atradius.

Inilalagay ng Atradius, isang Dutch export credit agency, ang proyektong ito bilang "Category A", tumutukoy bilang "posibleng magkaroon ng kakila-kilabot na epektong iba-iba, di-maibabalik at/o hindi pa nararanasan sa kapaligiran at/o lipunan." Sa loob ng labindalawang taon, nakapagpasok ang Atradius ng €8.4 bilyon sa dalawang higanteng dredging kompanyang Dutch sa kabila ng dumaraming ebidensiya ng masama nitong epekto.

Sa pulong ng mga stakeholders ng San Miguel noong Hunyo 14, 2022, sabi ng CEO ng kompanya na

"[...] ang isang importanteng milestone sa airport na ito ay sinusuportahan ng gobyerno ng Netherlands ang proyekto natin sa pamamagitan ng pag-iisyu ng garantiya sa kontratista. At alam niyo, hindi nagkakaloob ang gobyerno ng Netherlands ng mga ganoong garantiya nang hindi iniimbestigahan ang kapaligiran, ang ecosystem at mga tao palibot ng lugar. Hindi nila kailanman popondohan ang anumang proyektong makaaapekto sa kahit anong lokal na komunidad."

Naglalahong kinabukasan

Ang NMIA ay hindi lang basta-bastang proyektong pang-imprastraktura. Ito rin ay simbolo ng hindi nasuring progreso, itinayo sa hindi matatag na lupa, kapalit ng pagkasira ng mga lokal na komunidad at kritikal na ecosystem. Inilalarawan ng pinsala sa kapaligiran, sapilitang pagpapaalis, at kakulangan

sa pagtatasa ng proyekto ang nakababahalang development agenda kung saan inuuna ang kita imbes na kapakanan ng tao.

Isang opisyal ng gobyerno ang pumayag na magbahagi ng kaniyang personal na pananaw tungkol sa usapin sa kondisyong hindi namin ilalathala ang kaniyang pangalan. Lumihis siya sa iskrip sa dulo ng meeting, at sinabi: "sasabihin namin na ito ay mabuti para sa ekonomiya. Na mabuting may trabaho ang mga tao. Pero ang pangmatagalang epekto nito ay pagdurusahan ng maraming-maraming tao… Marahil ang win-win na solusyon dito ay mamalagi tayo sa lupang ito nang matagal na panahon. Hindi lang ngayon, hindi lang sa loob ng 40 taon, pero nang mas mahabang panahon."

Walang tugon ang Boskalis at Mott MacDonald sa kahilingan ng Global Witness na komento.

Mga rekomendasyon

Mga rekomendasyon sa mga mambabatas ng Unyong Europeo:

Protektahan ang mga pangunahing layunin ng Corporate Sustainability Due Diligence Directive (CSDDD):

> Siguruhing napapanatili ng Unyong Europeo (EU) ang orihinal na pangako ng batas sa matatag na karapatang pantao at sa kalikasan pati na rin ang mga kahingian para sa pagpapatupad ng climate transition plans.

> Huwag magpakilala ng lenggwahe o amyenda na magpapahina ng pagpapanagot sa mga korporasyon o ng kakayahang ipatupad ang Direktiba.

Panatilihin ang napapanahong pagpapatupad: Tanggihan ang mga pagtatangkang i-roll back ang ganap na pagpapatupad ng CSDDD. Pinahihina ng anumang pagpapaliban o pang-aareglo ang pamumuno ng EU sa pagpapanatili at pine-perpetuate nito ang mga nakapipinsalang gawi ng global value chain.

Paghusayin ang transparency at pagpapatupad

> Siguruhing anumang "magpapabilis" (o streamlining) na hakbang sa ilalim ng omnibus – isang legislative package na naglalayong amyendahan ang maraming batas sa EU nang sabay-sabay – ay hindi magkokompromiso sa pag-uulat ng CSDD o sa mga kahingiang due diligence sa mga kompanya. Mahalaga ang transparency at predictability para sa lipunang sibil, mamumuhunan, at regulator para sa pagmonitor ng compliance.

> Pagbutihin ang suporta sa mga mekanismo ng pagpapatupad, masigurong mayroong sapat na pinagkukunan ang mga miyembro ng EU at kadalubhasaan para mapanagot ang mga kompanyang lalabag.

Mga rekomendasyon para sa Gobyerno ng Netherlands

Pagtibayin ang pagpapanagot sa Export Credit Practices:

> Mag-atas gumawa ng isang independentiyeng pagsusuring bukas sa publiko ng due diligence at impact assessment na ginawa ng Atradius Dutch State Business (Atradius DSB) para sa proyektong New Manila International Airport (NMIA). Sa pagsusuring ito, dapat aktibong mapabilang ang lokal na komunidad at mga grupong panlipunang sibil, matasa kung wastong nasunod ng ADSB ang mga internasyonal na pamantayan, at masigurong masunod ang mga obligasyong ito nang retroaktibo.

> Siguruhing magbigay ang Royal Boskalis Westminster N.V. at San Miguel Corporation sa mga komunidad na apektado ng proyekto ng makatarungang kabayaran at ibigay sa tamang panahon, tutugon sa parehong kagyat at pangmatagalang epekto ng airport land development at lahat ng pasilidad na susuporta rito, kasama ang dredging operations.

Ikabit ang sustainability sa mga export credit na polisiya:

Ipakilala ang mas mahigpit na panlipunan at pangkapaligirang kondisyon sa mga susunod na kasunduan ng Export Credit Insurance, upang masiguro ang epektibong pagsubaybay, pananagutan at pagsasapubliko ng due diligence na dokumentasyon para sa mga kompanya sa ilalim ng mga ganitong kontrata.

Isulong ang pangunguna sa lehislasyon: Kagyat na ipatupad ang panukalang Dutch international due diligence law (IMVO-wet) at itaguyod ang mas matatag na Corporate Sustainability Due Diligence Directive (CSDDD) sa lebel ng EU.

Mga rekomendasyon sa Gobyerno ng Pilipinas

Imbestigahan at tugunan ang mga paglabag sa karapatan: Magsagawa ng isang independentiyeng pagsisiyasat sa mga pang-aabuso sa kapaligiran at karapatang pantao kaugnay sa NMIA project, magmobilisado ng mga angkop na ahensiya at magtiyak ng isang prosesong kalahok ang mga lokal na organisasyong panlipunang sibil at apektadong komunidad. Tiyakin, kung saan nararapat, na mapanagot ang mahahalagang aktor, kabilang ang mga kompanya, opisyal ng gobyerno, at ahensiya sa anumang paglabag sa karapatang pantao.

Tasahin ang mga proyektong reklamasyon: Maglimbag ng komprehensibong impact assessment sa lipunan at kapaligiran sa lahat ng reklamasyon at land development na proyekto sa Manila Bay, kasama ang NMIA, na may pagbibigay-diin sa mga naipong epekto nito. Makipagkonsulta sa mga lokal na komunidad at organisasyong panlipunang sibil upang ipresenta ang resulta ng pagsusuri, tiyakin ang kawastuhan nito, at siguruhing anumang kinakailangang pagbabago ay masosolusyunan.

Ireporma ang mga polisiya para maprotektahan ang karapatan at ecosystem:

> Magpataw ng moratoryum sa pagbibigay ng pahintulot at sa mga kasalukuyang ginagawang proyektong reklamasyon hanggang sa makapagsagawa at maberipika ang komprehensibong pagsisiyasat sa mga epekto nito, makapagtatag ng mga hakbang ng pag-iwas ng epekto, at makapagkamit ng pananagutan sa lahat ng paglabag sa karapatang pantao.

> Magpatibay ng mga repormang magtitiyak ng katatagan ng karapatang pantao at pagtatanggol sa kalikasan sa development projects ng hinaharap.

> Wakasan ang mga gawing pinangungunahan ng gobyerno, tulad ng "red-tagging" (i.e. pagtatalaga sa mga indibidwal o organisasyon ng pakikisimpatya sa mga komunista o terorista nang walang ebidensiya), panliligalig (harassment), paninindak, judicial harassment, at sapilitang pagkawala, at iba pa, na pumupunterya sa mga tagapagtanggol ng kalikasan at karapatang pantao.

> Hadlangan ang militarisasyon sa mga komunidad sa mga ipinapanukalang o kasalukuyang mga proyektong reklamasyon.

> Pagtibayin ang pangakong sustainable development at proteksyon sa ekolohiya ng Philippines Development Plan.

Mga rekomendasyong sa mga piling kompanya

Mga dapat gawin ng San Miguel Corporation, Atradius Dutch State Business, at Royal Boskalis:

Magbibigay ng lunas at magwasto ng mga pinsala: Magbigay ng makabuluhang bayad-pinsala, kabilang ang pagbibigay ng kabayaran, sa lahat ng komunidad na direkta at di-direktang naapektuhan ng NMIA project. Siguraduhin ang panunumbalik ng mga nasirang ecosystem nang hindi umaasa sa bayad-pinsalang mababaw.

Suriin at tugunan ang pinsala sa kalikasan: Angkop na ibalik sa dati ang mga lugar na naapektuhan ng development ng proyekto, gamit ang angkop na pamamaraan.

Palakasin ang Due Diligence sa karapatang pantao: Unahin ang pamumuhunan sa due diligence sa karapatang pantao para pumantay sa internasyonal na pamantayan sa karapatang pantao ang mga kasanayan sa negosyo.

Paghusayin ang transparency at accessibility sa pagpapatakbo:

> Ilahad sa publiko ang mga dokumentasyong panlipunan, pangkapaligiran at pangkarapatang pantao para maabot ang internasyonal na pamantayan na pagpapatunay ng kasapatan ng mga hakbang sa pagbabawas ng epekto.

> Dagdagan ang transparency sa pamamagitan ng pagsasapubliko ng mga reklamong isinumbong at mga tugon sa mga ito pati na rin ang resulta ng mga hakbang sa pagreremedyo.

Magbigay ng napapanahong akses sa impormasyon para sa mga naapektuhang komunidad gamit ang lenggwahe at mga form na madaling maintindihan.